

2021

Lungsod ng Seattle – Mga Benepisyo sa Isang Sulyap (Mga Empleyadong may *Most** Saklaw ng Benepisyo)

Pagiging Karapat-dapat: Para sa mga bagong pasok at kanilang mga nakadepende, ang pagsaklaw ng seguro ay magsisimula sa inyong unang araw ng pagtatrabaho kung ang petsang iyon ay ang unang araw ng kalendaryo ng buwan na itinalaga bilang araw ng trabaho ng Lungsod, o ang unang araw ng kalendaryo ng buwan na itinalaga o kinilala bilang unang araw ng trabaho para sa turno na kayo ay itinalaga. Kung ang inyong pagtatrabaho ay magsisimula pagkaraan ng petsang ito, ang pagsaklaw ng seguro sa inyo ay magsisimula sa unang araw ng susunod na buwan.

Mga Karapat-dapat na Nakadepende: Kabilang sa mga indibidwal na karapat-dapat sa pagsaklaw ng seguro ang inyong asawa o domestic partner (kinakasama), inyong tunay o inampong mga anak o mga anak na nasa kalagayan ng pag-aampon, ang mga anak ng inyong domestic partner, mga stepchildren, at sinumang anak na kayo ang legal na tagapangalaga o kung saan ang pagsaklaw ay iniiaatas ng isang Kuwalipikadong Utos na Suportang Medikal. Ang mga anak na nasa hustong gulang ay karapat-dapat sa pagsaklaw ng seguro kung sila ay wala pang 26 na taong gulang. Kung magdaragdag kayo ng mga nakadepende, hihingan kayo ng dokumentasyon upang patunayan ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa pagsaklaw ng seguro sa pamamagitan ng mga planong pangkalusugan sa Lungsod ng Seattle.

Pagpapaenrol: Kayo ay dapat na mag-enrol sa loob ng 30 araw ng unang pagpasok sa trabaho. Kung kayo ay nabigo sa pag-enrol sa loob ng 30 araw ng inyong petsa ng unang pagpasok sa trabaho, kayo ay awtomatikong ma-e-enrol para sa saklaw ng seguro sa ngipin at pangunahing saklaw para sa paningin. Ang inyong saklaw ng seguro para sa ngipin at nakatalaga sa plano ng Delta Dental of Washington. Kung kayo ay bago pa lamang naging karapat-dapat para sa pagsaklaw ng segurong pangkalusugan at hindi aktibong pumipili o tumatalikdan sa pagsaklaw na medikal, ikaw ay awtomatikong ieenrol sa Aetna Traditional na plano para sa empleyado lamang, na hindi nangangailangan ng kontribusyong primyum mula sa inyo.

Para sa Ngipin

Maaari kayong pumili mula sa dalawang plano para sa ngipin – Delta Dental of Washington, o Dental Health Services. Ang mga plano para sa ngipin ay kabilang ang pagsaklaw para sa mga karapat-dapat na nakadepende. Ang primyum ay sinasaklaw nang buo ng Lungsod ng Seattle.

Paningin

Maaari ninyong piliin ang Basic o Buy-up plan sa paningin. Ang taunang pagsusuri ng mata ay sinasaklaw sa bawat taon ng kalendaryo para sa parehong plano. Ang primyum ay binabayaran nang buo ng Lungsod para sa Basic plan; kayo ay nagbibigay ng \$10.38 para sa Buy-up plan.

Medikal

Maaari kayong pumili mula sa Kaiser Permanente Standard Plan, Kaiser Permanente Deductible Plan, Aetna Preventive Plan, o Aetna Traditional Plan. Ang buwanang gastos ninyo para sa bawat isa sa mga plano ay ang mga sumusunod:

Planong Medikal	Buwangang Kontribusyon ng Empleyado para sa Pagsaklaw	
	Empleyado*	Empleyadong may asawa/domestic partner**
Aetna Preventive	\$48.12	\$98.50
Aetna Traditional	\$ 0.00	\$32.34
Kaiser Permanente Standard	\$48.40	\$99.90
Kaiser Permanente Deductible	\$25.00	\$56.92

** mayroon o walang anak

Mga Serbisyon Pagtataguyod: Ang mga empleyado at saklaw na miyembro ng pamilya ay may akses sa mga serbisyon pagtataguyod ng Accolade. Ang Mga Accolade Health Assistant ay nagkakaloob ng isa-sa-isang personal na suporta na walang babayaran. Ang Mga Health Assistant ay isang-hintuan na tagatulong upang sagutin ang mga tanong tungkol sa kalusugan at benepisyo, at nakikipagtulungan sila sa isang pangkat ng mga doktor, nars at mga espesyalista ng benepisyo upang tumulong na maglayag sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Flexible Spending Accounts (Naibubukod na Magagastang Pera para sa Gastusin sa Kalusugan - FSA)

Ang Lungsod ay naghahandog ng Health Care at Day Care FSA sa pamamagitan ng Navia Benefits Solution. Ang Health Care FSA ay nagpapahintulot sa inyo na gumamit ng bago-ang-buwis na mga dolyar upang tumanggap ng pagbabayad para sa karapat-dapat na mga gastos na medikal, para sa ngipin, at paningin. Ang Day Care FSA ay nagpapahintulot sa inyo na tumanggap ng pagbabayad para sa karapat-dapat na mga gastos sa pag-aalaga sa araw para sa inyong nakadependeng anak na hanggang 13 taong gulang, asawa/domestic partner na may kapansanan, o nakadependeng magulang. Maaari kayong pumili ng pinakamababang \$120 hanggang \$2,750 kada taon para sa Healthcare FSA at \$5,000 para sa Day Care plan. Kung pinili ninyong lumahok sa planong ito at nagnanais kayong ipagpatuloy ang inyong paglahok, kakailanganin ninyong muling mag-enrol bawat taon sa panahon ng bukas na pagpapaenrol ng Lungsod.

Bilang resulta ng Stimulus Relief Bill of 2020 (Panukalang Batas sa Ayuda ng Pamahalaan ng 2020), maaari mong ilipat ang lahat ng hindi nagastang halaga mula sa taon ng plano 2021 patungo sa taon ng plano 2022 hangga't ang paglipat ay magreresulta sa pinakamababang halaga ng account na \$120.

Basic Long-Term Life Insurance (Basikong Pangmatagalang May Takdang Panahon na Seguro sa Buhay)

Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan, pagkaraan ng 90-araw na panahon ng paghihintay, ang plano ay magbabayad sa inyo ng isang basikong benepisyo na \$400 sa isang buwan habang kayo ay hindi makapagtrabaho. Ang basikong pangmatagalang primyum para sa kapansanan ay binabayaran nang buo ng Lungsod. Ikaw ay may opsyon na bumili ng suplementong pangmatagalang mga benepisyo sa kapansanan (tingnan sa ibaba).

Supplemental Long-Term Life Insurance (Suplementong Pangmatagalang May Takdang Panahon na Seguro sa Buhay)

Bumili ng suplementong pangmatagalang seguro para sa kapansanan upang magkaloob sa inyo ng hanggang 60% ng inyong batayang suweldo na higit sa \$667 hanggang sa pinakamataas na \$8,333 kada buwan.

Basic Group Term Life Basic Insurance (Basikong Panggrupong May Takdang Panahon na Basikong Seguro)

Maaari kang pumili mula sa isa sa dalawang plano – Basic Group Term Life Insurance na isa at kalahating ulit ng iyong taunang kita o Limited Basic Group Term Life Insurance na \$50,000. Ang Lungsod ay magbibigay ng 40% ng gastos sa Basic Group Term Life Insurance. Kayo ay may opsyon na bumili ng Supplemental Group Term Life Insurance (tingnan sa ibaba).

*Kabilang ang: Mga CMEO, Hepe ng Bombero, Pangkalahatang Empleyado ng Lungsod, empleyado ng Aklatan, miyembro ng SPMA. Mga Hepe ng Himpilan ng Bombero at mga CMEO – makipag-ugnay sa HR para sa inyong mga primyum na kontribusyon.

Supplemental Group Term Life Insurance (Suplementong Panggrupong May Takdang Panahon na Seguro sa Buhay)

Kung pinili ninyo ang Basic Group Term Life, maaari kayong bumili ng supplemental term life insurance para sa sarili, asawa/domestic partner, at mga anak. Ang pinakamataas na halaga ng seguro sa buhay na makukuha mo ay apat na ulit ng inyong taunang kita, para sa inyong asawa/domestic partner ito ay 100% ng halaga ng pagsaklaw na pinili ninyo para sa inyong sarili hanggang sa pinakamataas na \$50,000, at \$2,000, \$5,000 o \$10,000 para sa (mga) anak.

Accidental Death & Dismemberment Insurance (Seguro sa Aksidenteng Pagkamatay o Pagkawala ng Bahagi ng Katawan - AD&D)

Maaari kayong bumili ng segurong AD&D para sa inyong sarili, o para sa inyo at sa inyong pamilya. Ang pagsaklaw ng seguro ay makukuha mula \$25,000 hanggang \$500,000.

Mga Benepisyo sa Pagreretiro

Seattle City Employees' Retirement System (Sistema ng Pagreretiro ng mga Empleyado ng Lungsod ng Seattle - SCERS I at II)

May dalawang plano ng pagreretiro para sa mga empleyado ng Lungsod, na gumagana rin sa parehong paraan na may ilang pagkakaiba sa mga kontribusyon, pinakamababang edad ng pagreretiro, panghuling pamantayang suweldo, at natamasang benepisyo kada taon ng pagpaparami ng serbisyo.

SCERS I (natanggap at nag-enrol bago ang ika-1 ng Enero, 2017): Kayo ay nag-aambag ng 10.03% at ang Lungsod ay nagbabayad din ng 15.29% ng inyong suweldo para sa inyong pagreretiro.

SCERS II (natanggap noong ika-1 ng Enero, 2017 o pagkatapos): Kayo ay nag-aambag ng 7.0% at ang Lungsod ay nagbabayad din ng 14.42% ng inyong suweldo para sa inyong pagreretiro.

Ang mga kontribusyon at kita ay hindi muna kukunan ng buwis. Kayo ay 100% na may karapatan sa inyong mga kontribusyon at sa mga kita nito. Kayo ay magkakaroon ng karapatan (karapat-dapat para sa buwanang benepisyo sa edad ng pagreretiro) sa limang taon ng serbisyo. Kung iiwan ninyo ang pagtatrabaho sa Lungsod bago ang pagreretiro at kukunin ang inyong mga kontribusyon, hindi kayo magiging karapat-dapat sa alinman ng mga kontribusyon ng Lungsod.

Kung kayo ay nakapagtrabaho para sa estado at iba pang lokal na pamahalaan, kayo ay maaaring maging karapat-dapat sa pagsasama-sama ng inyong oras ng serbisyo upang maging kuwalipikado para sa pagreretiro.

May opsyon kayong makapag-ipon nang mas malaki para sa inyong pagreretiro sa pamamagitan ng Deferred Compensation Plan ng Lungsod (tingnan sa ibaba).

Voluntary Deferred Compensation Plan (Plano ng Boluntaryong Pagpapaantala sa Pagtanggap ng Kompensasyon)

Ang pagpapatala sa 457 Deferred Compensation Plan ng Lungsod ay boluntaryo. Kayo ay pinahihintulatang magbigay ng kontribusyon sa pamamagitan ng pagbawas sa suweldo. Kayo ang magpapasiya ng dolyar na halaga, uri ng kontribusyon at mga opsyon sa pamumuhunan. Maaari kayong magbigay ng kasingbaba ng \$10 bawat suweldo. Ang mga pagbabago sa pagpapatala at kontribusyon ay maaaring gawin kahit kailan. Hindi tinutumbasan ng Lungsod ang inyong mga kontribusyon.

Mga Programa at Benepisyo sa Trabaho/Buhay

Reach: Maaari kang lumahok sa Reach, isang boluntaryong online at batay-sa-app na programang pangkalusugan para sa mga empleyado at mga saklaw na asawa/domestic partner. Ang Reach ay nag-aalay ng mga nakahahalinang aktibidad, kapaki-pakinabang na mga kasangkapan at nilalamang pang-edukasyon upang matulungan kang matupad ang inyong pinansiyal, pandamdamin, panlipunan at pangkarerang mga hangarin at masiyahan sa paglalakbay.

Employee Assistance Program (Programang Tulong sa Empleyado - EAP)

Ang EAP ay isang serbisyong pagrekomenda at pagpapayo para sa iyo at sa mga miyembro ng sambahayan. Tumanggap ng kompidensiyal na tulong para sa mga personal na isyu, tulad ng tensiyon, depresyon, mga problema sa pamilya/relasyon, at pinansiyal na pagpapayo. Bawat miyembro ng sambahayan ay karapat-dapat para sa anim na libreng isang-oras na mga sesyon kada isyu kada taon.

Transportasyon

Ikaw ay karapat-dapat tumanggap ng ORCA Passport Card, na nagbabayad ng buong pamasaha para sa lahat ng transportasyon na nakabase sa lupa, kabilang ang water taxi at Kitsap Fast Ferry. Maaari ring maging karapat-dapat ang Vanpool at WA State Ferry na pampasahero lamang. Kung kayo ay gumagamit ng sistema ng transit, carpool, at/o bisikleta papuntang trabaho, kayo ay karapat-dapat din para sa ginagarantiyang sakay pauwi – perang mababawi mula sa pagsakay ng taxi pauwi sa panahon ng pampamilya o medikal na emerhensiya.

Career Quest

Ang Career Quest ay nagkakaloob ng ibinabagay na mga pagkakataon sa pagbuo ng karera para sa mga empleyado upang palawakin ang inyong mga kasanayan o humingi ng tulong para sa inyong pangmatagalang mga hangarin sa karera. Ang programa ay nag-aalay ng pagtuturo sa karera at mga workshop. Upang maging karapat-dapat, ikaw ay dapat na isang regular na empleyado ng Lungsod, nakapagtrabaho nang hindi kukulangin sa isang taon, at nakalaang bumuo ng mga bagong kasanayan at kakayahan.

Mga Holiday

Ang Lungsod ay nagdiriwang ng 10 opisyal na holiday at 2 personal na holiday. Maaari kayong kumuha ng inyong mga personal holiday kahit kailan kapag may pag-apruba ng superbisor.

Bakasyon

Kayo ay nakakatipon ng bakasyon batay sa mga oras na nasa regular na katayuan sa pagbabayad. Ang dami ng bakasyon ay depende sa tagal ng inyong serbisyo bilang empleyado—mula sa 12 araw kada taon para sa isang bagong empleyado hanggang 30 araw kada taon pagkatapos ng 29 na taon ng pagtatrabaho. Ang mga di-nagamit na oras ng bakasyon ay magagamit sa susunod na taon, hanggang sa pinakamarami.

Sick Leave (Pahintulot na Pagliban Kapag May Sakit)

Kayo ay nakakatipon ng sick leave (pahintulot na pagliban kapag may sakit) batay sa bilang ng mga regular na oras na nakapagtrabaho. Ang mga full-time na empleyado ay magkakaroon ng 96 na oras na pahintulot na pagliban sakit kada taon. Maaari mong gamitin sa susunod na taon ang inyong di-nagamit na pahintulot para sa sakit, walang pinakamataas na pagtitipon.

Ibang mga Pahintulot na Hindi Magtrabaho

Ang Lungsod ay nagkakaloob din ng sumusunod na binabayaran at di-binabayaranang mga pahintulot na hindi magtrabaho: binabayaranang pahintulot para sa pag-aalaga ng anak, pahintulot para sa pagdadalamhati sa pagkamatay, pampamilya at medikal na pahintulot na hindi magtrabaho, pahintulot na hindi magtrabaho para sa pagbubuntis, tungkulin sa panghukumbang lupong tagahatol, tungkulin sa militar, pahintulot na hindi magtrabaho dahil sa pagiging donor ng transplantasyon, hindi binabayaranang personal na pahintulot at sabatikal na pahintulot.

Ang mga empleyado ay may opsyon din na mag-aplay para sa Washington Paid Family and Medical Leave Program bilang karagdagan sa mga bakasyon na nasa itaas sa pamamagitan ng Lungsod.



Seattle
Human Resources

Ini-update 3/3/2021